

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inimbitahan ang mga residente sa virtual town hall tungkol sa pagpapabago ng Hurontario-Steeles area ng Brampton

BRAMPTON, ON (Setyembre 28, 2020) – Iniimbitahan ang mga residente na alamin ang mas marami pa tungkol sa Transit Oriented Communities at sa Uptown Brampton Hurontario-Steeles area (lokal na kilalang Shoppers World) sa isang virtual town hall sa Huwebes, Oktubre 8, mula 6 hanggang 8:30 pm.

Hino-host ng Urban Land Institute sa pakikipagtulungan ng Lungsod ng Brampton, Lungsod ng Helsinki, Greenberg Consultants at University of Toronto School of Cities, makakarinig ang mga residente mula sa mga eksperto sa industriya at makapagtanong tungkol nitong kapana-panabik na pagkakataon na baguhin ang Uptown Shoppers World site papunta sa isang “20-minutong nalalakad na kalapitbahayan” na may urban community hub na makapal, halo-halo ang gumagamit, nakakabuti sa pamilya, malusog at nalalakad na transit-oriented na komunidad.

Kabilang sa mga kapita-pitagang tagapagsalita sina:

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton
- Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton
- Edurado Moreno, Director ng City Prosperity Index, UN-Habitat
- Hon. Kinga Surma, Associate Minister of Transportation, Ontario Ministry of Transportation
- Jonathan Gitlin, Chief Operating Officer, RioCan REIT
- Anni Sinnemäki, Deputy Mayor of Urban Environment, Lungsod ng Helsinki
- Jani Moliis, Head of International Affairs, Lungsod ng Helsinki
- Yvonne Yeung, Manager of Urban Design, Lungsod ng Brampton
- Ken Greenberg, Principal, Greenberg Consultants
- Matti Siemiatycki, Interim Director, University of Toronto School of Cities
- Bob Bjerke, Director of Policy Planning, Lungsod ng Brampton
- Richard Forward, Commissioner, Lungsod ng Brampton
- Andrew Duncan, SVP ng Development, RioCAN REIT
- Dr. Lawrence Loh, Medical Officer of Health, Peel Public Health
- Dave Kapil, Chair, New Brampton
- Richard Joy, Executive Director, ULI Toronto
- Emma West, Chair, ULI Toronto

Ang mga residente ay [makakapag-register dito](#) para sa town hall.

Tungkol sa Uptown Brampton

Dagdag na maipapatupad ng Uptown Framework Plan ang Brampton 2040 Vision at ang 2018 hanggang 2022 Termino ng mga Prayoridad ng Konseho sa pamamagitan ng paghikayat ng pribadong pamumuhunan para baguhin ang uptown area papunta sa isang Komunidad na Transit-Oriented. Ilang malalaking developer ang nagpakita ng malaking interes at ang transpormasyong ito ay magpapabago sa kasalukuyang car-oriented na lugar sa pamamagitan ng pagsasama ng aktibong imprastruktura ng

transportasyon, access sa pampublikong transportasyon at masiglang mga pampublikong lugar sa buong presinto.

Matatagpuan sa interseksyon ng Hurontario at Steeles – isang 5 minutong paglalakad mula sa Light Rail Transit station na darating sa 2024 – ang urban na kalapitbahayan ay aangkalan ng Shoppers World Urban Community Hub sa kalagitnaan nito. Sa pamamagitan ng pag-iisip sa uptown core tungo sa isang komunidad na transit-oriented, mararanasan ng mga residente ng Brampton ang mas tumindng sosyal at pisikal na koneksyon, disenyong urban na sumusuporta sa aktibong mga uri ng pamumuhay, nabawasang polusyon, paglago ng ekonomiya at paglikha ng trabaho.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng pagkakataon na maagap na nag-iisip, at committed tayo sa pangunguna tungkol sa ismarteng pagpapalano para sa masigla, malusog at kumpletong mga komunidad. Hinihikayat ko ang mga residente na makilahok sa Uptown Brampton virtual event, matuto tungkol sa 20-minutong nalalakad na mga komunidad at iparinig ang inyong boses sa kung ano ang gusto ninyong makita na maging ang lugar. Magkasama, mabubuksan natin ang potensyal ng Uptown Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Steeles stop ng Hurontario LRT ay kilala sa Metrolinx 2041 Regional Transportation Plan at sa Brampton Official Plan bilang isang Gateway Mobility Hub. Ang designasyon na ito ay sumusuporta sa mataas na pag-akyat ng kakapalan at mga konsiderasyon sa disenyo para sa maramihang mode ng pagbiyahe, kabilang ang de-kalidad na imprastruktura ng paglalakad at pagbibisikleta. Kung may naituro man sa atin ang pandaigdigang pandemic, naipakita nito na tayo ay kailangang handa na umangkop sa mga bagong hamon at nagbabagong mga asal. Ang pagpapabago sa Uptown tungo sa isang komunidad na transit oriented ay may saysay.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang Urban Community Hub Implementation Plan ay gumagabay sa disenyo ng lumilitaw na Urban Hub sa loob ng Uptown Core. Ang mga benepisyong makukuha mula sa mga matagumpay na ito na estratehiya sa paggawa ng lugar ay matutupad sa kapwa ekonomiko at makataong kondisyon. Kabilang dito ang paglikha ng trabaho, mas pagpapahusay sa kalusugan ng publiko, pagkakaisa ng lipunan, at mapagmalasakit na pagpapaunlad sa nakakabuti sa kapaligiran na bakas. Ang virtual event ay isang magandang pagkakataon para makilahok ang mga Bramptonian at magpapasigla ng karagdagang pakikipagtulungan sa kapana-panabik na proyektong ito.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod, tayo ay dedicated sa pagpapalano ng pwedeng tirahan, malusog at kumpletong mga komunidad na naglalarawan sa mga ideya at mga pangangailangan ng ating mga residente. Ang Uptown Brampton virtual town hall ay magbibigay ng pagkakataon para sa mga Bramptonian na mas matuto tungkol sa mga plano ng Lungsod para sa Uptown Brampton, magtanong sa mga staff at ibigay ang kanilang mga ideya kung paano pagandahin ang lugar bilang isang komunidad na transit-oriented.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang susunod na ilang mga taon ay kritikal na sandali ng watershed sa paglago ng ating rehiyon. Kailangang samantalain natin ang bisyon ng matitirhan, pantay-pantay, diverse, at nagsasalang

kalapitbahayan para pasulungin ang pagpapatupad ng inobatibo at responsableng pag-develop sa pamamagitan ng positibong liderato sa pagitan ng mga tagagawa ng pampublikong mga patakarán, industriya, at mga lokal na komunidad. Ang maagap na paraan ng Brampton ay ang nangungunang paraan at ang mga event tulad nito ay nagtataguyod ng mas mabuting pagtutulongan at lumalawig sa mas malaking pag-uusap tungkol sa kung anong uri ng mga lungsod ang gusto natin para sa ating mga pamilya.”

- *Richard Joy, Executive Director, Urban Land Institute, Toronto*

“Talagang masaya at excited kami na lumahok sa talakayan ng pagpapalago sa loob ng Greater Toronto Area. Nahaharap rin sa maraming hamon ang Helsinki sa napakabilis na paglaki ngunit may pananabik rin sa pagpapalano ng ating kinabukasan. Nawa’y magkaroon kayo ng produktibong talakayan, at ako ay tunay na umaasa na ang karanasan ng Helsinki ay magpapasigla sa mga plano ng Brampton para sa bagong Uptown Urban Hub.”

- *Anni Sinnemäki, Deputy Mayor, Lungsod ng Helsinki & Chair ng Urban Environment*

"Ang Brampton ay nakahanda para sa isang kapana-panabik na hakbang paabante sa pagtupad ng ginamit nito na 2040 Vision at Uptown sa paligid ng Shoppers World. Sa pakikipagtulungan sa Lungsod, sa Rehiyon at sa Probinsya, ang anim na malaking developer ay nakahandang ipatupad ang bisyon na pinamunuan ng disenyo para sa 20-minutong transit-oriented, nalalakad na kalapitbahayan na nakapaligid sa inaasahang pagdating ng light rail sa Steeles at Hurontario/Main Street. Ang inisyatibang ito ay nakaturo sa paraan ng mas sustainable, nagsasali, at masaganang kinabukasan nitong bata pa, dinamiko, at mabilis na lumalaking munisipalidad ng GTA."

- *Ken Greenberg, Principal ng Greenberg Consultants*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca